Mga Lindol



Ang mga lindol ay ang pag-alog, paggulong o biglaang pagyanig ng ibabaw ng lupa. Nagaganap ang mga lindol sa mga biyak (tinatawag ding mga fault line) sa ibabaw ng lupa. Mararamdaman ang mga lindol sa malalaking lugar, bagaman karaniwan ay nagtatagal ito ng mas maikli sa isang minuto. Hindi mahihilaan ang mga lindol — bagaman inaaral ito ng mga siyentipiko!

Nasa panganib ba ako?

Lahat ng 50 estado at 5 teritoryo ng U.S. ay nasa peligro ng mga lindol. Maaaring maganap ang mga lindol anumang oras ng taon.

PAGSUSURI NG KATOTOHANAN

1. Ano ang Richter scale, at hanggang saan ito tumataas? _____

_____

2. Ano ang "Ring of Fire"? _____

_____

3. Ano ang ibang mga delubyo na maaaring magsimula dulot ng lindol?

_____

_____

_____

MGA SAGOT

(1) Ginawa ni Charles Richter, isang physicist, ang Richter scale ay sumusukat ng lawak, o laki ng mga lindol. Magmumula ito sa 0.0 (wala) hanggang 10.0. Ang mga lindol na mas mababa sa 2.0 ay bihirang naramdaman ng mga tao, at ang 10.0 ay hindi pa kailanman naitatala.
(2) Tinatawag ding Circum-Pacific belt, ito ang sonang nakapalligid sa Dagat Pasipiko kung saan halos 90% ng mga lindol sa mundo ay nagaganap.
(3) Tsunami, Baha, Mga Sunog sa Bahay, Mga Blackout, Mga Paggulho ng Lupa, at mga pagsabog ng Bulkan.

WL

BE A HERO!™

MAGING BAYANI!

Para sa karagdagang mga katotohanan at impormasyon sa mga lindol, bumisita sa

www.ready.gov/kids-know-the-facts/earthquakes

Ready
Prepare. Plan. Stay Informed.
FEMA

Mga Lindol

Maging Handa

BAGO

- ✔ Bumuo ng kit na pang-emergency.
- ✔ Gumawa ng plano para sa komunikasyon ng pamilya.
- ✔ Alamin ang mga ligtas na lugar sa bawat kuwarto – sa ilalim ng matibay na mesa o sa gilid ng dingding sa loob.
- ✔ Magpasagawa sa pamilya mo ng mga pagsasanay sa lindol – dumapa, magtakip at kumapit!

HABANG

Kung nasa loob:

✔ DUMAPA sa sahig.

✔ MAGTAKIP sa ilalim ng matibay na mesa o ibang mabigat na muwebles. Kung walang mapagsisilungan, takpan ang mukha at ulo mo gamit ang iyong mga braso at yumukyok nang malapit sa dingding sa loob.

✔ KUMAPIT hanggang huminto ang pagnginig.

✔ LUMAYO mula sa mga bintana, salamin, mga kasangkapang ilaw, o muwebles na maaaring mahulog – tulad ng mga lalagyan ng libro.

✔ MANATILI SA LOOB!

✔ Huwag gumamit ng mga elevator!

Kung nasa labas:

✔ Manatili doon. Lumayo sa mga gusali, ilaw sa kalye at mga kable.

✔ Manatili sa bukas na lugar hanggang huminto ang pagnginig. Maaaring tumumba ang mga gusali at masaktan ka.

Kung naipit sa ilalim ng debris:

✔ Takpan ang bibig mo gamit ang iyong kamiseta.

✔ Huwag sumigaw – baka makahinga ka ng alikabok.

✔ Tapikin ang tubo o dingding upang mahanap ka ng mga tagapagligtas.

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

Seismic na Aktibidad **Isa pang salita para sa mga lindol, kasama ng mga tremor, quake at shaker**

Mga Fault Line **Mga biyak sa mga bato sa ilalim ng ibabaw ng lupa**

Afterschock **ISANG mas maliit na lindol na kasunod ng pangunahing yanig o nakaraang lindol**

Epicenter **Ang gitna, o focus, ng isang lindol, mula saan ang mga seismic wave ay spherical na pinadala sa maraming direksyon**

Seismograph **ISANG makina na sumusukat sa lindol**

MAKALIPAS

✔ Asahang may mga aftershock. Karaniwang hindi ito kasing lakas ngunit maaaring makapinsala.

✔ Maingat na buksan ang mga kabinet. Maaaring gumalaw ang mga bagay at maaaring mahulog sa iyo.

✔ Magsuot ng mahabang pantalon, mahabang manggas at sapatos upang protektahan ang balat mong magasgasan ng mga nasirang bagay.

✔ Mag-text, huwag tumawag. Maliban kung may sitwasyong banta sa buhay, kung may cellphone ka, magpadala ng text upang hindi mo magamit ang mga linya ng teleponong kailangan ng mga pang-emergency na trabahador. At, maaaring gumana ang pag-text kahit na wala ang serbisyo ng cell.

BE A HERO!™
MAGING BAYANI!

Para sa karagdagang mga katotohanan at impormasyon sa mga lindol, bumisita sa
www.ready.gov/kids-know-the-facts/earthquakes